




Mga Mahahalagang Impormasyon sa MERS-CoV (Middle East Respiratory Syndrome Coronavirus)

1. Ano ang MERS-CoV?

- Isang sakit sanhi ng corona virus
- Ang unang kaso ay naitala sa Saudi Arabia noong Abril 2012
- Kaiba ito sa virus na sanhi ng SARS na natagpuan sa paniki noong 2003 kahit pa halos magkahawig na corona virus sila
- Natagpuan sa kamelyo at ang isang kamelyong apektado ay naiugnay sa pagkakaroon ng kaso sa tao (ayon sa pag-aaral)



2. Anu-anong mga sintomas ng MERS-CoV?

- Ubo
- Hirap sa paghinga
- Mataas na lagnat
- Pagtatae
- Sakit sa bato
- Kung mababa ang resistensya, maaaring magpakita ng iba pang kakaibang sintomas


May mga positibong kaso din ng MERS-CoV na hindi nakitaan ng mga nasabing sintomas.

3. Naisalin ba ang MERS-CoV sa ibang tao mula sa taong apektado nito?

- Oo, sa mga taong nagkaroon ng "close contact" sa positibong pasyente tulad ng mga health workers, kamag-anak at iba pa.
- Ipinapayo na palaging isaalang-alang lalo na ng mga health workers ang paggamit ng mga kaukulang proteksyon sa pag-aalaga sa pasyente.

4. Paano ito maiiwasan?

- Madalas na maghugas ng kamay sa tamang paraan:
 - Basain ang mga kamay at sabunin ito
 - Kuskusin ang mga kamay; palad sa palad, pagitan ng mga daliri at likod ng kamay
 - Halinhinang kuskusin din ang mga daliri ng bawat kamay
 - Banlawan ng malinis na tubig
- Takpan ang ilong at bibig sa pagbahing at pag-ubo gamit ang panyo o tissue at ilagay ang gamit na tissue sa basurahan
- Palakasin ang resistensya:
 - Matulog ng hanggang 8 oras
 - Uminon ng maraming tubig
 - Mag-ehersisyo
 - Kumain ng masustansyang pagkain



5. Paano malalaman kung apektado ng sakit na ito ang isang tao?

- Sa pamamagitan ng laboratory test (polymerase chain reaction or PCR)
- Mayroon ito sa mga apektadong bansa maging sa Research Institute for Tropical Medicine sa Pilipinas

6. May gamot o bakuna ba laban sa MERS-CoV?

- Walang pang gamot o bakuna laban sa MERS-CoV
- Kailangan lang komunsulta agad sa doktor para mabigyang lunas ang mga sintomas dulot ng virus na ito

7. Ilang bansa na ang naitalang nagkakaso ng MERS-CoV?

- 12 bansa na ang naitalang nagkaroon ng kaso ng MERS-CoV sa tao
- Karamihan ng kaso ay nagmula sa Middle East

8. May travel ban na ba sa mga bansang apektado ng MERS-CoV?

- Sa ngayon ay wala pang travel health warnings mula sa World Health Organization sa mga bansang apektado ng MERS-CoV kung kaya wala ring travel ban sa mga bansang ito.

9. Ano ang dapat gawin ng mga taong naninirahan sa mga apektadong bansa o kaya ay galing sa mga bansang ito at nagkasakit?

- Kung may sintomas tulad ng ubo at hrap sa paghinga at nagkaroon ng close contact sa pasyente sa loob ng 14 na araw, agad na komunsulta sa doktor.
- Kung bumiyaha na at nakauwi na sa sariling bansa, agad na komunsulta sa duktor at sabihin kung saan bansa nanggaling.

10. Saang mga ospital maaaring komunsulta o magpatingin?

- Maaring magpunta sa lahat ng mga DOH hospitals.

11. Ano ang mga hakbang na ginagawa ng DOH?

- Patuloy na maigting na pagbabantay ng Bureau of Quarantine sa mga pasahero sa daungan ng barko at mga paliparan.
- Masusing pagsubaybay o Active Surveillance sa MERS-CoV kasama na dito ang contact tracing at kahandaan ng mga ospital sa pagtanggap ng mga ganitong kaso.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUMAWAG SA DOH HOTLINE

(02)711-1001 to 02